# Myrna, aso

*Sinopsis*

NAKABIBINGI ANG KAHOL ng mga nakakulong na asong gutom sa Pambayang Dog Pound ng San Mateo. Matinis kasi ang pagkalansing ni Myrna sa malalansang baryang inipon mula sa pagbabarker ng mga dyip sa highway. Iniisip niya kung sino sa mga aso ang palalayain nang mairegalo ngayong kaarawan ng natatanging anak na si Kate. Kahit na ang paglapit niya rito ay mariing ipinagbabawal ng kaniyang public attorney, at ng biyenang nagkukupkop kay Kate papalayo sa kaniya.

Pursigido talaga si Myrna. Nakapili na siya ng asong ireregalo: patpatin, nanghihina, galisin gaya niya. Ngayon, wala nang makapipigil sa kaniya. Hindi ang mga bulong-bulungan sa bayan. Hindi ang *demonyo* niyang biyenan. Hindi– kahit man ang karumal-dumal niyang nakaraan.

NAKABIBINGI ANG MARARAHAS na kahol ng mga gutom at pinabayaang asong nakakulong sa Pambayang Dog Pound ng San Mateo. Naririnig na kasi nila ang hampas sa mga latang platong bubuhusan ng kanilang pananghaliang kaning-baboy; sa labasan naman ang nakaka-urat na kalansing ng mga barya ni Myrna, nilalaro sa kaniyang nanlilimahid na mga palad.

Nakakasunog sa balát ang tirik na araw ng tanghali. Nagngangalit ang bughaw ng hubad na kalangitan. Walang kaulapan. Kagaya ng mga aso sa loob ay gutom na rin si Myrna na nag-aabang. Nakatulala sa kawalan. Hindi alintana ng kaniyang makapal at galising balat ang hapdi ng tutok na araw, at ng pangong ilong ang masangsang na amoy ng estero sa tabi. Nakasandal sa mainit na pader ang likurang butó't balat, pagód na pusturang nakatayo sa iisang paa. Nilalangaw na siya kakahintay sa pagdapo ng inaasam na ulirat kung itutuloy ba ang plano ngayong araw. Sa kanyang palad ang patuloy na paglalaro sa iilang mga inipong barya. Ang kalansing nito, ang hindi matigil-tigil na alulong ng mga gutom na aso, at ang pagkalam ng kaniyang sikmura ang mga tunog na nagpapakalas kay Myrna sa realidad.

May pag-aalinlangan at kabang bumabakas sa humpak niyang mukha. Sa lubog na mga mata– pamilyar na takot at duda.

HUMAHARUROT PA ANG dyip ay nasa gitna na agad ng highway si Myrna para akuin ito, mamandohang tumabi sa kanilang gawa-gawang ilegal na terminal sa may gasolinahan. Inuunahan niya ang mga kakumpetensyang barker sa pagkuha ng dyip bago pa siya masalisihan sa kakarampot ngunit kikitain pa ring barya mula rito.

“Tangina mo talaga, Myrna!” pasaring ng isang barker.

Gahaman talaga si Myrna. Hindi niya pinapansin ang kantiyaw ng mga kapwa barker; tila walang narinig. Sa kabila ng kaniyang manipis na kaha at patpating pangangatawan ay malakas at maagap siya sa pag-angkin ng mga dyip. Ngunit ang tapang na ito ay halos kabaligtaran ng puhunan niyang boses na unti-unti nang kinakalmot ng pagyo-yosi at pagra-rugby.

"Philcoa! Sandigan! Phil*c*— " mapuputol sa samid-ubo, idudura ang malapot na dahak, at agad na babalik sa pagsigaw habang kinakalampag ang gilid ng minamandong dyip. Ilang saglit lang, unti-unti nang namumuo ang kumpol ng mga trabahador at estudyanteng naka-abang pumanik paloob ng sasakyan. Hinampas niyang malakas ang gilid ng dyip para senyasan ang drayber na magpreno sa pag-atras. Agad pupwesto si Myrna sa bukana ng dyip at doon mag-aabang at kukuha ng bayad ng mga pasahero bago makasakay.

Nang maubos ang pila at mangalahati ang laman ng dyip ay mahahabol ng pagkahapo si Myrna. Uupo siya sa bangbang, makikisilong sa anino ng gasolinahan, at sisinghot kasabay ng mahinang hihip ng hangin. Sisilip siya sa chinaphone sa bulsa. Walang text. Walang tawag.

Sa pagdating ng iilang pasahero'y kaniya namang muling pagtayo, pagsukli, at pagsilip kung napupuno na ba ang loob. "Kabilaan pa 'yan! pa-diretso nalang ng upo!" parinig niya sa mga nakabukangkang na matatanda sa unahan.

Nang mapuno ang dyip ay lalapit si Myrna sa tsuper para iabot ang nalikom na bayad mula sa pasahero. Ngunit pagka-abot ay agad siyang kukwestyunin,

"Baka kinupitan mo na naman 'to, ha."

Hindi iimik si Myrna. Sanay na siyang pinagdududahan.

Pagkatapos magbilang ng tsuper sa mga barya ay agad niyang i-aandar ang makina paalis sa ilegal na terminal. Pahagis niyang ibabato ang limang pisong komisyon ni Myrna habang

humaharurot. Kawawang pupulutin ni Myrna ang barya sa aspalto at pabulong na lamang na gaganti ng mura sa pang-iinsulto ng tsuper.

Saglit pa'y mapapalingon si Myrna nang makarinig ng panibagong paparating na dyip. Walang laman. Haharurot siya't susundan ang aangkinin na namang dyip. Itatahan niya sa gilid ng gasolinahan, isisigaw ang ruta: "Philcoa! Sandigan! Philcoa!" Pipila ang mga pasahero. Magbabayad kay Myrna. Papasok. Magbibilang. Mapupuno. Aalis.

Sa kalmadong pila, hahablutin ni Myrna ang chinaphone mula sa mababaw na bulsa ng gusgusing pekpek shorts. Sisilipin niya ito at madidismaya– wala pa rin ang hinihintay na tawag o kahit isang text. Bagaman sa pagsulyap ay matatanaw niya sa lockscreen nito ang retrato ng isang batang babae: nakatayo nang tuwid, balingkinitan ang pangangatawan, musmos na nakangiti, suot ang paboritong blusang bughaw, matimyas na nakatitig sa kamera. Gagaan ang pakiramdam ni Myrna sa nakikita– sa pag-alaala sa kinasasabikang anak.

Kasama ng kaniyang pagsilip ang pagbasa sa maikling paalalang nakasaad para ngayong araw: *bday ni kate*.

ALAM NA ALAM ni Myrna ang pasikot-sikot sa Poblacion ng payak na bayan. Hindi man siya rito ipinanganak at lumaki, dito siya mas nanalagi't nakabuo ng maliit na pamilya. Alam niya ang kaniyang mga eskinita't daan. Alam niya ang paaralang kaniyang kinasuklaman at pilit na tinatakasan. Alam niya ang hindi kanila– pero ang dapat at legal– na terminal ng mga dyip: sa may simbahan, isang kanto ang layo sa kanilang ilegal na terminal sa gasolinahan. Alam niya ang mga mukha ng kanyang mga *kaibigan* at natitirang kakampi't naniniwala. Alam niya kung saan ang kalimitang puwesto ng mga kalabang tanod at pulis. Alam niya ang mga tindahang

nagpapautang sa hindi. Alam niya ang mga daang madidilim tuwing gabi, ang mainit na tambayan ng mga adik, ang mga shortcut patungo sa kung saan. Alam niya ang mas tahimik na bagtas patungo sa Municipal Jail kung saan nakapiit ang kaniyang asawa na kailanma'y hindi niya dinalaw. Alam niya ang mga kalsadang nagpapaalala sa kaniya ng saya. At ang mga daang nagdala at nagdadala lamang sa kanya ng hapdi.

Tantiyado ni Myrna ang binabagtas niyang masikip na eskina papuntang eskwelahan. Káya niyang makipagpatintero sa mabulang tubig at mga tae ng hayop sa sira-sirang daan nito.

Sa gitna ng kanyang paglalakad ay titigil siya sa isang maliit na printing shop na nagbebenta rin ng mga tsitsirya't inumin para sa mga dumaraang estudyante.

“Te, patawag,” sabay abot niya ng limang piso sa babaeng bantay ng paprintan.

Ngunit titingnan lang siya ng bantay, iirapan, at tatalikuran; halatang umiiwas sa tingin ng gusgusing kostumer. Hindi na lamang iimik si Myrna at ilalapag, halos padabog, ang limang piso sa estanteng kahoy ng printing shop. Ipapasok bahagya ni Myrna ang kanyang braso sa loob ng estante upang dukutin ang luma't maalikabok na telepono sa gilid, kasabay nito ang pagdukot niya sa kanyang chinaphone. Titingin sa munting cellphone at pipindot, hinahanap ang pakay na numero. Pagkahanap ay ida-dial sa telepono. Lalakad siya palayo sa estante at bantay, inihahanda ang sasabihin, batak na batak ang puluputing kawad ng lumang telepono.

Magri-ring. Magri-ring lang nang magri-ring. Hanggang lumipas na ang limang minuto'y saka pa lamang sasagutin ng kabilang linya ang tawag ni Myrna.

“Hello, sa PAO po ba ‘to?” sisigla si Myrna sa pagsagot sa kanyang tawag.

“Hello po Atorni, ako ‘to… si Myrna po. Santos.”

“Atorni, nakausap mo po ba biyenan ko? Pumayag ba siya makita ko si Kate? Birthday n'ya kasi ngayon—” mapapatigil si Myrna sa mabagsik na singhal ng abogado sa kabilang linya. Unti-unti, nalulusaw ang hulma ng saya sa mukha niya.

“E, ‘di ba *nga po* napagdesisyunan naman na ng husgado—” hindi siya pinatatapos magsalita ng abogado.

“'Yung asawa ko *nga* lang ‘yun *Atorni... Siya* na mismo nagsabi… Hindi ko *nga* alam 'yun—” lumilitaw na ang asar sa tono ni Myrna. Pinipilit manatiling magalang.

Hanggang sa unti-unti ay mawawala na nang tuluyan ang pinta ng pag-asa sa mukha niya, kumakalas ang pag-iisip nang naririnig muli ang mga legal na salita: *ito ang ikinaso ng estado… ito ang utos ng husgado… ito desisyon ng korte…* Matapos ang litanya ng abogado ay tatahimik ang linya. Si Myrna, kinikimkim ang namumuong matinding poot; pinipigilan lamang sariling magpakawala ng mabibigat na salita. Babasagin niya ng sabat ang tumahimik na kausap.

“*Ako pa rin ang nanay, Atorni.*”

Sabay nang pagkaputol ng linya ang padabog na pagbagsak ni Myrna pabalik sa telepono ng shop. Ang kawad nito, nalawlaw sa matagal na pagkakabatak.

Ngunit bago siya umalis ay mamamataan niya ang isang boteng may tirang softdrinks at kakapiranggot na biskuwit sa gilid ng estante ng tindahan. Itatanong ni Myrna sa mataray na bantay kung pwede mahingi ang mga naiwang pagkain, pero hindi pa rin siya iniimik ng bantay–senyales para tuluyang lantakan ang biskuwit, ubusin ang laman ng softdrinks, at umalis.

MAINIT ANG SINGAW ng semento habang naglalakad si Myrna pabalik sa gasolinahan. Tagaktak ang pinaghalong alikabok at pawis sa balát. Magulo ang isip sa mga tanong at alala.

Ngunit sa huling pagliko palabas ng highway, kung saan aninag niya ang legal na terminal sa may simbahan, ay mapapahinto siya. Biglang namutla ang mukha ni Myrna nang tila nakakita ng multo. Nakatayo lang siya't nanigas, habang tuluyang binubuo ang imahen sa pino niyang pagtingin. Sa huli'y mapapatotohanan ng kaniyang mga mata ang nakikita– ang kanyang biyenan, nakapila't pasampa sa isang nakaparadang dyip.

Agad siyang nagtago sa bukana ng malapit na eskina, tanaw pa rin sa maliit na siwang ang biyenang pasakay. Lumalalim ang kanyang paghinga at lumalakas ang tibok ng dibdib sa bugso ng pangyayari. Mula sa malayo ay tanaw niya't tinitiktikan ang bawat kilos ng matandang biyenan mula pagpanhik hanggang sa pag-upo nito. Nang tuluyang mapunô at umandar ang dyip ay siya namang paglabas ni Myrna ng isang mabigat na buntong-hininga. Maglalakad siya palabas ng eskina, tutungo sa highway, habang lumalayo ang dyip tahan ang biyenan. Hindi niya inaalis ang matalim niyang tingin sa dyip hanggang tuluyan nang mawala ito sa paningin.

Lalapit si Myrna sa barker na nagmay-ari sa umalis na dyip. Gayong abala na sa panibagong pila ng mga pasahero, walang pakialam ang barker sa pang-uusisa ni Myrna.

"Saan daw bababa 'yung matandang babae?" nakasunod siya na parang aso sa barker habang naghihintay ng sagot.

"Yung *huling sumakay*?!" ngunit hindi pa rin siya pinapansin. Kayâ kinotongan na niya ang kausap.

"Huy bakla! Hanggang saan lang 'yung binayad *'nung matanda*?"

Sisinghal na lang nang malakas ang kinukulit niyang barker, nagpipigil ng kumukulong inis. Sa pagsabog niya ay malamig ngunit mariing pagpapaalala kay Myrna habang nagsusukli:

"Myrna, alam mong bawal ka rito."

Matapos mawalan ng pag-asa para sa isang matinong sagot ay aalis na lang si Myrna. Sa isip-isip niya'y hindi naman mahalaga kung anuman ang isasagot ng barker; kung saan man papunta ang biyenan, basta palayo rito sa bayan. Tatawirin niya ang highway at papara. Babagal sa pagharurot ang isang patok jeep sa direksyon palayo ng Poblacion. Sasampa agad si Myrna sa likuran at sasabit sa tubong bakal. Tatambulin ni Myrna ang bubong– sisipol, ngingiti– hudyat para sa tsuper na iandar na ang dyip niya paalis.

NAKAPUSLIT PAPASOK SI Myrna sa isang subdibisyon sa mas tahimik at loobang bahagi ng bayan. Nakaliligaw parang gubat ang pasikot-sikot na hanay ng mga magkakamukhang townhouse na yari sa mumurahing materyales. Mga tila kahong posporo sa nipis ng pader, hinanay patayo sa sikip ng espasyo, at kinulayan ng malungkuting pinturang kahel at lupa. Balisang naglalakad si Myrna sa salasalabat na komunidad na ito, inaalala ang bawat nadaanang pasikot-sikot, palatandaan ang iilang okupadong bahay na ibang kulay o may harapang bakuran. Sa dulo ng kanyang paliko-likong martsa ng paghahanap ay matutunton niya ang pinapakay: ang bahay ng biyenan.

Matalim ang paningin ni Myrna sa bahay ng biyenan sa dulo ng nakapapasong semento ng mahabang kalsada. Ang bahay na kanyang pakay ay hindi iba sa mga katabi nito maliban sa sarili nitong sementado at pulidong bakod; kumukulong sa mga tuyot na halaman sa munting hardin sa loob. Malayo pa ang tinititigang bahay, halos dalawampung townhouse pa ang layo, ngunit ramdam na ni Myrna kung sino ang nasa loob nito. Ngingiti siya sa alaala at hinuhulmang posibilidad sa isipan. Mapapaupo si Myrna sa munting damuhan sa abandonadong lote sa likuran. Ilalabas niya muli ang chinaphone para lamang tumitig sa retrato ng anak sa lockscreen.

Sa tirik na araw ay patuloy niyang minamasdan ang bahay sa malayo. Nag-iisip. Tatayo siya. Pursigido. Tutungo.

MULA SA PAGKAKA-ISTAMBAY sa labas ng dog pound ay desididong lalakad si Myrna papasók sa gate nito, kasabay ng paghinto niya sa paglalaro sa mga barya't pagbalik sa bulsa. Ang alulong ng mga asong gutom ay unti-unting nababawasan sa pabalang na paghahain ng kanilang bantay. Sa pagpasok ni Myrna mula sa kinakalawang na gate ay bubungad ang maasim at kasuka-sukang amoy ng pinaghalong sariwang kaning-baboy, tae ng mga hayop, at inuuod na mga kung anuman sa ilalim ng bawat hawla. Pero hindi alintana ni Myrna ang paligid. Dire-diretso siyang lalakad sa pasilyo ng mga kulungan, pinagmamasdan ang mga tahimik nang kumakain na mga aso. Higit sa sandaan ang mga asong itinambak sa maliit na dog pound na ito. Karamihan ay nagsisiksikan sa kalahating dipang rehas– mga isinumpang magutom sa pagkain, aruga, kalayaan, at saya. Sa huling paghahain ng bantay sa dulo ng pasilyo ay makakasalubong niya si Myrna, nangingilala at pumipili. Tititigan lamang siya ng bantay at lalayo para maglinis ng sarili sa tabi ng tarangkahan. Si Myrna, sa isang banda, ay bahagyang ngingiti sa mga nakikitang asong panandaliang naibsan ng gutom.

Mapapaling ang atensyon ni Myrna sa isang tahimik at matamlay na asong mag-isa sa kulungan sa pinakadulong hawla. Maduming puti ang balahibo nito na may patse-patseng itim at galis, mag-isa't malungkot na nakapulupot sa sarili sa sulok ng hawla. Gising siya, ngunit hindi niya kinakain ang kakarampot na inihaing pagkain, nanginginig sa takot marahil na rin sa agresibong paglamon ng mga aso sa tabing kulungan. Lalapitan ni Myrna ang nanghihinang aso. Oobserbahan. Aamuhin. Ipapain niya ang hintuturo papasók sa butas ng kulungan para sana'y

ayaing lumapit– ngunit tinitingnan lamang siya ng aso at mas sisikip sa kaniyang pagkakapulupot.

Aalis si Myrna sa tapat ng hawla at patakbong lalapit sa bantay ng dog pound sa tarangkahan. Sa gulat ng mga abala't nagsisikainang aso ay sabay-sabay silang muling aalulong sa pagkakagambala ng kanilang pagkain. Ngunit hindi ito alintana ni Myrna na masayang kakausapin ang nainis na bantay. Sa lakas at muling sama-samang pagtahol ay halos pasigaw nang nagtatransaksyon ang dalawa: nakangiting nagsasalita si Myrna, tuturo sa napiling aso sa dulong hawla, tatango ang bantay, kakapkap si Myrna sa mga inipong barya sa bulsa. Ilalabas niya ito at bibilangin sa palad sa harapan ng bantay: "payb, ten, piptin, twenti… terti… kwarenta y singko, pipti, sixti–," itatabi ang tigpipiso para sa huli na bibilangin– "sebenti, sebenti payb, otsenta, otsenta y uno, dos, tres, … nobenta, uno, dos… nuwebe, sandaan." Agad-agad, iaabot niyang pa-kamao ang mga baryang bayad para sa 'maintenance fee' palapag sa kamay ng bantay. Maiinis ang bantay sa bigat nito, at pabagsak na lamang na ilalapag sa upuan sa tabi. Isa-isang patatahimikin ng bantay ang mga aso't pababalikin sa pagkain habang naglalakad patungo sa itinurong hawla ni Myrna sa kaduluhan. Pagkadating ay bubuksan ng bantay ang hawla at kukurutin pabuhat sa batok ang nanghihinang aso. Hihilahin palabas, ikukumpirma sa bumili:

"Ito ba?"

Paglapit ng bantay sa naka-abang na Myrna sa gate ay ipapasalo niya kay Myrna ang pagkakakarga sa aso. Ngunit iilag si Myrna sa pagsalo at magtatanong,

"Wala kayong tali?"

"Ba't mo tatalian 'to e mahina na nga! Hindi na papalag 'yan!" halos iritableng sagot ng bantay.

Saglit na lalabas si Myrna ng dog pound para maghanap ng kahit anong puwedeng maging tali sa sulok-sulok ng daan: sa ilalim ng mga bato, sa singit ng pader, sa basang kanal sa gilid. Saglit lang ay nakakita agad siya ng tagpi-tagping dilaw na lubid. Pagpasok niya muli sa dog pound ay kukunin niya ang asong binili at ilalapag. Itatali niya sa manipis na leeg nito ang lubid na napulot, ngunit ipoporma niya ito na parang *ribbon*– pangkaraniwang panapos sa mga regalong tinatangi.

"Bahala ka nga." Bulong ng bantay kay Myrna na masaya at kuntentong maglalakad palayo sa dog pound bitbit ang ireregalong aso.

MARAHAN AT KABISADO nang nilalakad ni Myrna ang pinanggalingang subdibisyon ng mga townhouse sa tahimik na bahagi ng bayan. Nakayuko siya habang naglalakad, 'di alintana ang pasikot-sikot at mas papaloob na mga kalsada. Alam na ng puso at isip niya ang tutunguhan. Kasama niya ang regalong asong bitbit sa kanyang braso at malambing niyang yinayapos.

Muli siyang mapapadpad sa tinambayang damuhan kanina, ngunit ngayo'y dire-diretso na siyang babagtas sa mahabang kalsada patungo sa dulo nito kung nasaan ang bahay ng biyenan. Unti-unti rarahan ang kanyang paglakad– pino at tiyak– hanggang sa tila bagang wala ng tunog ang bawat yapak ng kaniyang mga paa, sadya upang hindi marinig ng mga nilalagpasang kapitbahay ang kanyang pagdating. Sa wakas ng marahang martsa ay titigil siya sa harapan ng pakay na bahay. Lalapit siya sa bakod nitong halos lagpas sa kanyang taas. Titingkayad siya ng bahagya upang mas masipat at marinig kung nariyan ba ang biyenan. Sa pagsilip ay makikita niya lamang sa munting hardin ang mga halamang nakapasô at halos malalanta na; sa sampayan, ang ilang unipormeng pang-elementarya kasama ang paboritong

blusang bughaw ng anak, pareho sa suot nito sa kaniyang lockscreen. Sa pagpaling ng kanyang atensyon sa bukas na bintana sa tabi ng pintuan ay lalakas ang tibok ng kaniyang puso. Dinig niya ang mahinang hagikgik mula sa palabas sa telebisyon sa loob, at dadampi sa manipis na hinanging kurtina ang pigura ng isang batang masayang nanunuod sa harapan nito. Mas iigting ang pinaghalong kaba at pagnanais sa mukha ni Myrna. Hindi man niya kita ang mukha, kilala niya ang batang ito: ang hulma, ang pigura, ang pagtawa. Mapapangiti siya sa saya. Iyon ang kanyang anak, ang kanyang pakay. Si Kate.

Mapapagod ang paa niya sa pagkakatingkayad at mapapaupo pasalampak sa sahig, pasandal sa pader ng bakod. Ang hinahagkang aso sa kanyang braso ay malapot lamang na nakatingin kay Myrna, tila nayayanig sa malalakas na tibok ng dibdib, at didila nang malambing sa mukha ng nagsusumamong amo. Sa tindi ng kaba ni Myrna ay lalayo muna siya paalis sa tapat ng bahay at maglalakad ng ilang hakbang patungo sa tabing kanto. Mapapaupo siya sa kanal at pakakalmahin ang sarili. Tinatanaw pa rin ang bahay ng biyenan. Nag-aabang ng lalabas sa pinto, at awa mula sa batang sisilip. Nag-aabang. Habambuhay na siyang nag-aabang para rito.

Mapapalingon si Myrna sa batang naglalaro ng bola sa tabing kalsada. Ang batang lalaki, pandak at pawisan sa init ng alas-dos na araw, ay walang humpay na pinipilit ma-shoot ang nilalarong bola sa gawa-gawang pangmatandang basketball ring sa kanto. Pinagmamasdan ni Myrna ang bawat palya ng batang lalaki. Ilang minuto ay sisitsitan ni Myrna ang bata para lumapit. Titigil ang batang lalaki sa paglalaro at takot na makikilala agad ang sumitsit. Ngingiti nang malamya si Myrna, itataas ang kamay paanyaya sa bata. Ngunit hindi lumalapit ang bata, tila nanigas sa pagsitsit sa kaniya ng isang marumi at mabahong babae sa tabi. Sa inip, hindi nakatiis si Myrna at patayo nang lalapit sa bata para kausapin, bitbit ang asong panregalo.

“Huy bata, naaalala mo pa ‘ko? Ang liit mo pa n’un e. Ako yung nanay ni Kate d'yan sa bahay na ‘yan–”

Sabay turo ng nguso sa bahay ng biyenan. Susundan ito ng tingin ng batang lalaki; sumunod dahil takot at pagka-ilang.

“'Di ba, kalaro mo si Kate? Abot mo naman sa kanya 'tong aso, o. Tawagin mo palabas tapos sabihin mo na rin Happy Birthday, 'ka mo.”

Ilang saglit ay nanginginig na tatangô na lamang ang takot na batang lalaki.

Nang ambang ililipat na ni Myrna ang pagkakarga sa kaniyang aso patungo sa maliit na bisig ng batang lalaki ay mapapahinto sila sa dagundong na boses galing sa pinto ng kalapit na bahay: “**JASON!**” nakabibinging bulyaw ng isang nanay sa kanyang anak nang makita itong kausap ni Myrna. Nakamamatay ang talim ng tingin ng nanay nang makuha ito ni Myrna. Agad-agad siyang kakainin ng hiya at kakaripas ng lakad palayo. Ang batang lalaki, si Jason, ay nagngingilid ang luha habang patakbong babalik sa bahay para kumubli sa ina. Naiwan na lamang ang bola niya sa semento, ginugulong ng hangin.

Nagmamadali si Myrna lumayo sa kahihiyan. Titigil muli sa harap ng bahay ng biyenan kung nasaan ang anak na si Kate. Halata ang galit sa kanyang mata dahil sa pagkakadiskubre sa kaniya ng kapitbahay, na ngayon ay nakasunod na sa kanya nang may distansya. Susulyap ulit siya saglit sa bintana ng bahay, ngunit wala na ang pigura ni Kate na nanunuod lang sa telebisyon kanina. Halos paiyak na siyang nagnanais isigaw ang pangalan ng anak, ngunit sa lahat ng pagkakataon ay ngayon pa siya nawalan ng lakas ng boses at loob. Nakikita na ni Myrna ang nanay ni Jason na ngayon ay may kausap na sa cellphone, nagpa-panik habang inuulat sa kausap

ang paglitaw ulit ni Myrna at paglapit nito sa bahay ng biyenan. Mas iigting ang galit at balisa ni Myrna, ngunit mas titingkad pa rin ang pagtuloy niya sa kaniyang misyon.

Ipapasok niya ang mga braso patawid sa itaas ng bakod, yakap ang regalong aso, at ihahain sa loob ng bakuran. Iiwan na lamang niya sana sa loob, sa pag-asang kusang lalapit ito kay Kate at magsusumamo. Ngunit mataas pa ang agwat ng kanyang braso sa lupa, kaya halos patapon na lamang niyang naibagsak ang kawawang aso sa semento ng bakuran. Magugulat ang walang malay na aso sa kaunting pagtalbog nito na mas tuluyan niyang ikahihina. Nang ambang lalakad na palapit ang nanay para kuhanan siya ng bidyo ay napagtanto na ni Myrna na wala na siyang oras upang manatili pa rito. Pabulong na lamang siyang mag-iiwanan sa hangin ng hiling para sa iniwang regalo,

"Bantayan mo sana si Kate, ha."

At saka siya kakaripas ng takbo, palayo sa mga mapanghusgang tingin.

SA TABI NG damuhang tambayan, sa kabilang dulo ng mahabang kalsada salungat sa bahay ng biyenan ay isang abandonadong townhouse unit na nalipasan at papasira na. Nasa ikalawang palapag nito si Myrna na pinagmamasdan ang papa-kahel nang kaulapan sa nalalapit na pagbaba ng araw. Nakapasok siya rito, at ilang oras nang nagpapahinga, matapos lituhin sa pasikot-sikot ng subdibisyon ang mga usyusero't tsismosa kanina lamang. Inisip na rin niyang magtago at magpalagi muna rito para abangan ang pagkikita ng kaniyang anak sa iniregalong aso. Dahil kung lumabas siya't lumayo sa subdibisyon ay baka tuluyan na siyang mapagbawalang makapasok at muling makulong kung magpupumilit makalapit.

Naghuhumiyaw na ang kaniyang kalamnan sa gutom. Hindi pa nakapananghalian o agahan man lang ang kaniyang tiyan. Ang huli pang nakapasok rito ay ang kinupit na tira-tirang softdrinks at biskuwit sa tindahan kanina. Pero hindi iniinda ni Myrna ang pagkakalam. Bilang matagal na sa lansangan ay sanay na siyang malipasan. Maglalakad-lakad na lamang siya sa loob ng bahay, magpapalipas oras, at sisilip sa kabilang bintana para madaling matanaw ang bahay ng biyenan sa malayo; sa pag-asang makikita niya ang pagtanggap ni Kate sa munting regalong asong iniwan sa bakuran. Ngunit mailap ang pagkakataong iyon. Uupo na lamang si Myrna sa inilatag na karton sa huwad na lapag, magpapahinga. Sa ngayon, itutulog na lang niya ang gutom at gigising bago magdilim para sana'y masulyapan man lang ang anak sa kanyang kaarawan.

*Si Myrna'ng umidlip ay hindi na nananaginip.*
*Ang amoy ay sangsang. Ang dama ay manhid.*
*Ang tunog ay kahol. Ang lasa ay pait.*
*Ang lahat ay itim.*
*Ang lahat ay itim.*

ANG ALINGAWNGAW NG mga kuliglig ang gumising kay Myrna mula sa matagal na pagkakatulog sa paghihintay. Tila bulag siyang kumakapa sa dilim ng paligid sa loob ng pinahingahang abandonadong bahay. Kasabay ng kaniyang mahinang pagbangon ang bulahaw ng mas matinding pagkalam ng sikmura. Ngayon, halos kalahating araw na siyang hindi nakakakain. Uugod-ugod siyang sisilip muli upang basahin ang lagay sa bahay ng biyenan sa malayo: patay ang ilaw sa may harapang bakuran, walang gumagalaw na anino sa paligid, sarado

ang mga bintana– maliban sa isang maliit na siwang kung saan nagmumula ang mapusyaw na liwanag mula rito. Magtataka siya sa katahimikan ngayong kaarawan.

Gamit ang kaunti niyang natitirang lakas ay dahan-dahan ulit siyang magmamartsa sa hanay ng mga townhouse patungo sa bahay ng biyenan. Halos mahina't pa-baldado na ang kaniyang bawat pagyapak sa kawalan ng sustansiya buong araw. Ang kanyang mga braso, nakayakap sa sikmura sa pagnanais na pakalmahin ito. Mas umiigting ang kaniyang gutom sa naririnig na pagkakasanggi-sanggi ng mga kubyertos at plato sa mga naghahapunang pamilya sa loob ng bawat nililipasang bahay. Sa kanyang paglapit sa tinutungong bahay ay lilitaw ang isang pangkaraniwang iyak ng isang bata. Sa huling mga hakbang ni Myrna papalapit ay nakikilala na ang hagulgol na iyon: iyak ni Kate, mula sa pagkamuhi't kalungkutan.

Hihinto muli si Myrna sa tapat ng madilim na bakuran. Nangingibabaw ang awa para sa anak, iniisip kung bakit ito umiiyak sa araw ng kaniyang kaarawan. Ngunit sa pagtingkayad niya at pagsilip sa loob ng bakuran ay magugunaw siya sa madadatnan: ang kanyang iniregalong aso, nakalupasay sa malamig na semento, bakas ng bumula't dumugong bibig, hindi gumagalaw, hindi humihinga, nilason, pinatay.

Maninigas si Myrna sa makikita. Makakain ng pagsuklam at pagtataka ang mukha niya sa nagawa ng biyenan sa kanyang inosenteng regalo. Sa isang iglap ay bubukas ang ilaw sa bakuran at mapapaling ang kanyang atensyon dito. Sa bumukas na pinto: nakatindig ang biyenan, hawak ang isang pakete ng lason sa daga, malamig na nakatingin kay Myrna. Sa matinding paghahalo ng labis na emosyon at gutom ay mapapasandal si Myrna sa sinisilipang pader. Lumalabo ang paligid, naghahabol ng hininga. Manlulupaypay siya sa malamig na bakod; nakatitig sa malayo't muling kumakalas sa mabigat na mundo. Lumalayo sa kaniya ang papalakas na panaghoy ni

Kate sa loob ng bahay. Nangingibabaw ang dagundong ng marahang yapak ng biyenang lumalapit. Mapapapikit si Myrna. At sa isang iglap, dumidilim ang paligid. Babagsak siya't sasalampak. Tuluyang mawawalan ng malay.

MALALIM ANG PANGKARANIWANG gabi sa bayan ng San Mateo. Pinapaso ng mga kahel na ilaw ang hungkag na mga kalsada nito. Sa papalapit na hatinggabi, matiwasay na dumadaloy ang iilang mga sasakyan sa highway. Sarado ang mga bahay na tumatahan sa mga batang papasok sa paaralan kinaumagahan. Tahimik na humihimbing sa malamig na gabi ang mga trabahador na muling luluwas sa kalapit-siyudad kinabukasan. Payapa ang pangkaraniwang gabi ngayon sa bayan ng San Mateo. Ang tanging humihiwa rito: isang marahas na iyak ng nagmamakaawang aso mula sa kung saan.

Sa tabi ng highway na tumatarak pa-Poblacion ng bayan ay isang payak na lugawan kung saan nakaupo sina Myrna at kaniyang biyenan. Sila lang ang mga natatanging kostumer ng maliit at lumang kainang ito ngayong dis-oras ng gabi. Nakatalikod sila kalsada, magkatabi ngunit magkalayong nakaupo sa isang mahabang bangkông-kahoy, naghihintay sa order ng lugaw para kay Myrna. Tahimik lang silang pilit pinapakalma ang mga uhaw na puso. Pinipilit alisin ang isip sa dahas ng muling pagkakasama. Sa pagdating ng malaking mangkok ng lugaw ay agad itong nginasab ni Myrna. Walang humpay niyang nilalapà ito, agad-agad na pinapawi ang gutom, kinakain bawat laman at loob at lahat sa kaniyang harapan. Umiiwas ng tingin ang biyenan sa kaasuhan ng manugang, marahil sa matinding pandidiri ng kaniyang paglamon, o dahil na sa karumihan ng kabuuhan ni Myrna. Nakatingin lamang ang biyenan sa mga pailan-ilang

dumadaang sasakyan sa highway. Nagpapalipas ng mga iniisip. Hanggang unti-unti, dumadanak na ang mga kinimkim na nais sabihin.

“Matagal kong iniiwasan ‘tong pagkakataong ‘to. ‘Di ko talaga maintindihan ba’t mas binaitan ng korte ang hatol sa’yo kaysa sa anak ko.”

Narinig ni Myrna ang pagbasag ng biyenan sa katahimikan, ngunit hindi niya ito iniintindi. Patuloy lang siya sa pagkain. Nagngingilid ang malamig na luha sa mata ng biyenan.

“Hindi ko maatim tignan kayo sa mata– sa korte. Kayong mag-asawa... kayong dalawa ng anak ko–”

Mapuputol ang matimping hinagpis ng biyenan sa biglaang pagbuhos ng kaniyang mga luha. Tahimik siyang magpupunas sa mga ito. Nanginginig, ngunit walang hikbi. Kumakawalang pait sa pusong ngayo’y unti-unti nang nailalabas.

“Hindi ko siya pinalaki ng ganun.” Sambit ng biyenan habang iniisip ang nakaraan.

Nakababasag sa tahimik na gabi ang bawat harurot ng mga pumapasadang dyip sa highway sa kanilang likuran. Sa bawat paglipas ay naiiwan sa mga kuliglig ang maglaman sa nakabibinging katahimikan ng gabi. Tuyot ang hangin na mahinang humahampas sa bubungan ng pamayanan. Basa ng mga malalamig na patak ng luha ang sahig ng lugawan kasabay ng tuluyang pagbagsak ng biyenan kay Myrna ng katotohanan.

“Bakit hindi nalang retrato ng mga puke at tite niyong mag-asawa ang pinagbebenta n’yo sa internet– bakit pati ‘yung sa *anak n’yo*? Kay *Kate*? dinamay n'yo pa?”

Hihinto sa pagkain si Myrna, agad na tatayo, puno pa ng pagkain ang bunganga. Nanigas siya sa narinig– sa paghampas ulit sa kaniya ng nakaraang pilit kinukubli. Agad siyang aalis sa upuan at kabisadong maglalakad patungo sa maduming banyo ng kainan.

Papasok si Myrna sa tagpi-tagping palikuran. Isasara ang pintuang plywood nito gamit ang nanlalamig na kamay. Uupo siya sa putik-putik na inidoro, maghuhubad ng pang-ibaba, at susubukang umihi. Walang emosyon sa kaniyang mga mata. Matigas lamang siyang nakatitig sa kawalan, manhid sa narinig at katotohanan. Alam niyang wala siyang karapatang umiyak para kay Kate, para sa lahat ng lumipas na sakit at pait. Alam niya. Ngunit hindi pa rin papatinag ang isang butil ng luha paalis sa kaniyang mata at marahang tutulo sa malamlam niyang pisngi. Pupunasan niya ito agad-agad. Aalisin ang bahid ng alaala sa nakaraan. Batid sa mukha ang matagal nang paglisan sa kaniya ng emosyon para rito.

Alam ni Myrna. Alam niya ang totoo sa hindi. Alam niya ang mali sa hindi. Alam niyang walang luha ang makapaglilinis ng kaniyang putik at galís.

Nakaupo pa rin sa kainan ang biyenan ni Myrna. Inaayos ang sarili sa pagkakawasak, pinupunasan ang mukha sa pagkabuhos ng mga luha mula sa kanyang kina-kataratang mga mata. Ngunit ang hindi niya maalis ay ang habambuhay na sakdal poot– para kay Myrna, para sa anak, para sa mundo.

Matapos ang ilang minuto'y tatayo si Myrna mula sa matagal na pagkakasalumpak sa inidoro. Kaunting ayos sa sarili, lalabas siya sa palikuran pabalik sa upuan. Walang pake siyang maglalakad na parang walang nangyari. Nakatutok lamang siya sa mangkok ng pagkaing hindi pa nauubos. Hindi hahagilapin ng kaniyang mga mata ang biyenang ngayon ay wala na sa dating inupuan– wala na sa lugawan, wala na sa tanaw na paligid. Hindi na siya nagtaka't tumuloy na lamang pabalik sa puwesto. Uupo muli sa harapan ng pinagkainan para ubusin ang tira-tira.

Lalapain muli ni Myrna ang marami pang natitirang lugaw sa kanyang mangkok: isang subo ng lugaw. Dalawa. Tatlo. Nakatulala lang siya sa kawalan, hinehele ng ingay ng kalsada.

Isang iyak ng nagmamakaawang aso mula sa kung saan. Ngumangasab sa mga laman. Papawiin ang habambuhay niyang pagkakalam. Kumakain siya, sa kabila ng lahat.

Lumalakas ang alulong ng aso sa malayo. Iaangat ni Myrna ang mangkok at hihigupin ang natitirang lugaw. Ngunit bago pa maubos ang laman ng mangkok ay makakakagat siya ng tila matigas na butil. Mapapahinto siya, ilalapag ang mangkok sa mesa, at huhulihin sa ngipin ang nakagat na butil. Pagkadura ni Myrna sa kaniyang palad ay mawiwindang siya sa madidiskubreng nakain: isang butil ng panglason sa daga. Dahan-dahan siyang susulyap sa natirang lugaw sa mangkok at tuluyang manghihina sa nakamamatay na rami ng inihalong lason sa daga sa kaniyang pagkain. Ang matingkad na bughaw mula sa kulay ng lason, at mga butil nito, ay nanunuot na sa pagkahalo nito sa malabnaw na sabaw ng kinaing lugaw.

Idudura agad ni Myrna sa sahig ang hindi pa nalululong lugaw sa bibig. Matatabig ang kinauupuang bangkô sa papumiglas niyang pag-alis sa kainan. Sa paglakad palayo ay pinipilit niyang iubo at isuka ang lahat, pinipilit ang lalamunang ilabas ang lahat ng nalulon nito. Sa walang humpay na pag-ubo'y masusuka siya nang kaunti. Ngunit hindi pa rin lumalabas sa sikmura ang mga lasong nakain. Kaya't umuubo siya nang umuubo, nagpupumilit, hanggang tuluyang magsugat ang lalamunan at magdugo. Sa lakas ng pag-ubo't panghihina ng katawan ay mapapabagsak siya sa semento– nakaluhod ang mga tuhod, nakalapat ang mga palad sa kalsada– nagkukumahog. Gumagapang. Pinipilit inilalabas ang mga hindi mailabas, pinipilit isuka ang mga hindi maisuka. Umuubo pa rin siya nang umuubo. Umaalulong. Hanggang sa ang bawat niyang pag-ubo– sa dapa niyang paggapang at kilos, sa garalgal niyang alulong at kahol– ay nagiging mga asal ng isang ulol at galâng aso.

Nakabibingi ang katahimikan ngayong gabi sa San Mateo.